
# Ang Tinapay Ng Buhay



## Lingguhang Pagkain

Issue 3



**"Pakinggan ninyo itong aking sinasabi: Laban ako sa inyo, Pananagutan ninyo ang nangyayari sa aking mga tupa. Hindi ko kayo gagawing pastol upang hindi na ninyo mabusog ang inyong mga sarili. Ilalayo ko na sa inyo ang aking mga tupa upang hindi na ninyo mapapakinabangan ang mga ito." Ezekiel 34:10**

## KAILANGAN, MABUTING PASTOL

**Sinabi sa akin ni Yahweh: "Tao, magpahayag ka sa mga Pinuno ng Israel. Sabihin mong pinasasabi ko: Nakatakda na ang parusa sa inyo, mga pinuno ng Israel. Sarili ninyo ang inyong iniintindi at hindi ang mga tupa. Iniinom ninyo ang gatas, nagdadamit kayo ng lana, at napapatay ng pinatabang hayop, ngunit hindi ninyo pinakakain ang mga tupa. Bakit hindi ninyo pinalalakas ang mahihina, ni ginagamot ang mga may sakit, ni hindi niyo hinihilot ang mga pilay? Bakit hindi ninyo hinahanap ang mga nawawala, ni binabalik ang mga nalalayo? Sa halip ay ginagamitan ninyo sila ng kamay na bakal. Sila'y nagangalat, at nilalapa ng mababangis na hayop pagkat walang pastol. Ang mga tupa ko'y nagkalat sa mga bundok, burol at sa lahat ng panig ng daigdig, ngunit walang ibig humanap sa kanila." Ezekiel 34:1-6**

Minsan pa, tayo ay pangungunahan ng salita ng Diyos upang malaman natin kung papaano pamumunuan ang mga taong nasasakupan natin ayon sa kaloobang ng Diyos. Ikaw ba ay isang ama, o ina, namumuno, taga-pamalakad, tagamasid, amo, pastor, o hari? Ilapat mo ang iyong sinturon, at tayo ay magsisimula:

- ***Ikaw na Pastol o taga Panguna,*** tumutupad ka ba sa iyong tungkulin? **"Hindi mo pinalalakas ang mga mahihina o ginagamot ang may sakit, o hinihilot ang mga pilay. Hindi mo binabalik ang mga napapalayo o ni hinahanap ang mga nawawala." (Ezekiel 34:4a)** Anuman ang iyong katungkulan sa buhay, ang mga sumusunod ay batayan upang magampanan mong mabuti ang iyong tungkulin:

  1. **Palakasin ang mahina:** Sino ang mahina sa iyong sakop? Isa ka bang pinuno ng Iglesia? Dapat mong hikayatin ang may mahihinang espiritu. Ikaw ba ay magulang? Matuwid lamang na alalayan mo ang iyong mga anak. Ikaw ba'y isang bihasang pinuno? Dapat mong sanayin ang may mahihinang kakayahan sa iyong pangkat. Kung ikaw ay isang tagapagturo, dapat mong turuan mabuti ang may mabababang kaalaman at walang pinag-aralan. Ang namumuno ay hindi marapat na tingnan lamang ang may kaalaman, kakayahan at tanyag na mga tao sa larangan na ginagalawan. Manapa'y dapat bigyan ng pansin at pagpapahalaga ang mga mahihina.
  2. **Gamutin ang may sakit at hilutin ang may pilay:** Ang sugatang tupa ay hindi makalakad. Ano ang dapat gawin ng pastol? Siya ay dapat lumapit sa tupa, akayin ito o kaya'y pasanin kung kinakailangan. Kanya-kanyang anta sang pangangailangan ng mga tao; maaaring sa pagkakasakit, kawalan, pagdadalamhati o pagkalugmok sa kasalanan. Pastol, dapat

mong alamin ang kategorya ng pangangailangan ng iyong sinasakupan. Katukin mo ang kanilang pintuan, at suriin ang sugatan nilang puso o katawan. Hanapin sila at suriin ng mapalitan. Kailangan nila ang iyong kalinga. Ipagkaloob sa kanila ang ibinigay sa iyo ng Diyos. Munti mang kalinga na galing sa iyo ay sapat na, para mabuo silang muli at makalakad. Kailangan nila ng tagapakinig ng pangyayari sa kanilang buhay. Kailangan nila ng pag-aalaga at panalangin, at ang pagpapala sa iyo ay makapagpapagaling sa kanila.

3. **Ibalik ang napalayo:** Ang mga taong ito ay dating nasa iyong pagkandili, ngunit sa kung anong dahilan sila ay napalayo sa iyo at naligaw ng landas. Sa kanilang kamalayan ang alam nila ay nasa kandili mo pa rin sila kahit sila ay napalayo na. Sila'y maaring nagumon sa masamang bisyo; sigarilyo; alak; sugal; o pangangalunya. Pastol, kailangan mo silang ibalik gaano man kalayo ang kanilang kinasadlakan. Maaring sumunod na sila ng kalakaran sa pandaraya, panluloko, pagnanakaw, at iba pang paraan ng pangungurakot sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Pastol, alamin mo kung ang mga taong iyong inaalagaan ay mga tupa o mga kambing na may maiitim na balak at gawi. Paghambingin ang dalawa, at ibalik ang napapalayo.
4. **Hanapin ang naligaw at nawawala:** ito ang mga taong kilala ka o kilala mo. Sila ang mga taong ngayon ay nabubuhay pa rin sa kadiliman at nangangailangan ng iyong natanggap na liwanag at biyayang mula sa Diyos. Kailangang palawakin mo ang nasasakupan. Paramihin ang iyong kawan. Hanapin ang naligaw, kailangan ka nila, kailangan nila ng pinuno, kailangan nila ng tagapagligtas. Maaaring sila man ay isang biyaya sa iyo at sa iyong nasasakupan.
5. **Pagpapasunod na mahinahon:** Ang pagpapasunod mob a ay paraan marahas at brutal? Sino man ang nasa tugatog ang tingin sa ibang tao ay nasa ilalim at maliliit lamang. Pastol, mag-ingat. Ang iyong katayuan ay maaaring magpalaki sa iyong ulo, na dahilan para maging makasarili at mapagmataas ka. Inaakala mong ang lahat ng iyong sinasabi ay makatwiran at walang dapat sumalungat. Dahilan upang magbunga ito ng hidwaan, at magbuwag ng patititwala. Magdulot ito ng harang at mawawala ang may gusting lumapit sa iyo. Sa paggamit mo ng kamay na bakal sa iyong pamamalakad, sila ay lumayo at nagliwaliw sa kung saan-saan. Marapa't mayroon kang kapangyarihan kaya't dapat kang magpasunod ng mahinusay. Buksan mo ang iyong puso at gamiting batayan kung sino at ano ang nasa iyong pangangalaga. Sinabi ni Jesus, **"Ngunit ang nagdaraan sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa. Pinapasok siya ng bantay ng pinto, at pinakikinggan ng mga tupaang kanyang tinig. Tinatawag niya ang kanyang mga tupa sa kani-kanilang mga pangalan, at inilalabas sa kulungan. Kapag nailabas na, siya'y nangunguna sa kanila at sumusunod naman ang mga tupa sapagkat nakikilala nila ang kanyang mga tinig. Hindi sila sumusunod sa iba, bagkus pa nga'y patakbong lumalayo, sapagkat di nila nakikilala ang kanyang tinig." (John 10:2-5)** Dapat mong itanong sa iyong sarili, kilala ba nila ang aking tinig? Nadarama ba nila na ako ang kanilang pinuno? Sila ba'y sumusunod sa akin dahil nadama nila ang pag-ibig, o dahil lamang sa takot? Sa ngayon, maaaring payapa pa rin ang kalagayan, kalauna'y magdudulot ito ng kaguluhan. Maghihimagsik sila at magsasalita ng laban sa iyo. Susuwayin ka nila. Dahil nadarama nilang hindi sila pinamumunuan ng isang pastol, bagkus ay isang mabangis at manlalapang oso.
6. **Mamuno ng may malasakit at may pag-aaruga:** Ang iyo bang tao ay nagdurusa dahil sa iyong gawi at kasalanan? Pakinggan ang salita ng Diyos na nagsasaad kung anong uri ang isang pastol ng walang malasakit sa pangangalaga. **"Hindi kayo nagkakasya sa panginginain; sinisira ninyo ang di ninyo maubos. Bakit di nalang kayo uminom ang hanggang sa ibig ninyo? Bakit kinakalambog pa ninyo ang tubig na natitira? Ang kinakain ng aking kawan ay ang dinadarupak ninyo at ang iniinom ay ang kinakalambog ninyo." (Ezekiel 34:18-19).** Inaabuso mo ba ang inyong katungkulan? Hindi ka lamang pumipili ng mainam na lugar na iyong nasasakupan. Nilustay mo ang kayamanan ng iyong pamilya, kumpanya at Iglesia. Isinusugal mo ang dapat na para sa pagkain ng iyong mga tauhan o anak. Sinisira mo ang nakalaang impok na magagamit ng susunod na henerasyon. Sa ganitong gawa, hindi ka isang biyaya, bagkus ay isa kang sumpa sa iyong nasasakupan at maging sa iyong sarili. **"Dahil ditto, sabi ni Yahweh, Ako mismo ang magbubukod-bukod sa malulusog at mahihinang tupa. Dahil ditto ako ang mangangalaga sa aking kawan at hindi ko papayagang sila'y inyong apihin. Pagbubukurin ko ang mabuti at masama. Itatalaga ko sa kanila ang isang hari, tulad ng lingcod kong si David. Siya ang magiging pastol nila." (Ezekiel 34:20-23)**

***Mga Minamahal:*** Ang mensahe sa aklat ni Ezekiel kabanata 34 ay isang magiting na tagapag-alaala na animo'y salamin. Nakikita natin na tayo'y patuloy na pinaaalahanan ng Diyos; sinasabi sa atin ang maling pamamaraan ng isang pastol at tinuturo ang tamang pamamaraan ng walang balakid. Manalangin tayo ka'y Kristo Hesus, an gating Mabuting Pastol upang tayo'y tulungang maisakatuparan at maisagawa ang Kanyang katuruan, at gagawa ng naayon sa Kanyang kalooban hanggang sa muli niyang pagbabalik. Amen!